

CHAPTER *One*

Ipinikit ni Aina ang mga mata kasabay ng pagsapo ng mga kamay sa kanyang mukha. She couldn't believe what she was doing. Just a few minutes ago, sa loob ng restaurant ay formal na ipinakilala sa kanya ng kinakapatid na si Charlotte si Duke Desiderio. And now she was stalking the man.

Sa unang tingin ay pihadong maiintindihan siya ng sinumang makakaalam sa ginagawa niya. The guy was a love-at-first-sight material, kaya kahit iyon pa lang ang unang beses na nakaharap niya ito nang personal, palagay niya ay walang makikipag-argue sa kanya kung sasabihin niyang isa ito sa pinaka-attractive na lalaking nakilala niya. Iyon nga lang ay hindi naman talaga ang hitsura nito ang rason kung

bakit niya ito sinusundan.

Tandang-tanda pa ni Aina how intense her Ninang Vida was nang kausapin siya nito bago ito lumipad papuntang Cebu. *“I don’t care how you do it. Just take that guy away from my daughter!”* utos nito sa kanya.

She could easily say, *“Pero, Ninang, parang hindi naman po yata tama iyon.”*

Charlotte’s attraction toward Duke was very evident based on the sparks in her eyes whenever she mentioned him. From there ay puwedeng isipin na baka ito na nga ang makakapagpatino sa kinakapatid niya. Kaya naman hindi maintindihan ni Aina ang pagkadisgusto ng ninang niya sa lalaki.

Gayunpaman ay mahirap sa kanya ang pahindian si Vida Llamanzares. The latter had helped her in so many ways. At lalong mahirap tanggihan ang ini-offer nito na makukuha niya once na mailayo niya ang anak nito sa inaayawang lalaki.

Humugot si Aina ng malalim na paghinga saka ipinilig ang ulo bago itinuloy ang pag-stalk kay Duke. Pero sa sandaling pagpikit niyang iyon ay nawala ito sa paningin niya. *Nasaan na ’yon?* aniya sa sarili saka luminga.

Nakatanggap ng phone call kanina ang lalaki

habang kumakain sila. Nagpaalam ito na may kakausapin lang sa labas kaya nagpaalam din siya kay Charlotte na sasaglit sa restroom, pero ang totoo ay plano talaga niyang sundan si Duke. Right at that moment ay gusto niyang kausapin ito nang sarilinan at iparating dito ang hindi magandang pagtanggap ni Vida sa pakikipag-ugnayan nito kay Charlotte.

Pero bago pa siya nakalapit ay nakita niya itong balisang nakikipag-usap sa telepono sa labas ng restaurant. Doon siya nagkaroon ng saglit na pag-aalangan na naging dahilan para mawala ito sa paningin niya.

Sinipat ni Aina ang bawat pagitan ng mga sasakyan na nakaparada sa parking area. Nang hindi makita roon ang lalaki ay sumingit siya sa pagitan ng mga iyon. Dahil concentrated sa mga sasakyang nasa harapan, hindi niya namalayan na nasa gawing likuran pala niya si Duke at dahil abala ito sa hawak na cellphone ay hindi rin siya nito napansin. Sa minsang pag-atras niya ay nabangga niya ang lalaki, bagay na hindi nito napaghandaan. Nabitiwan nito ang hawak na telepono at bumagsak iyon sa lapag.

“Naku po!” bulalas ni Aina, sabay sapo sa bibig. Agad sana niyang dadamputin ang telepono, pero naunahan siya ng lalaki. “Sorry. Hindi kasi kita

nakita...” tarantang paumanhin niyang tila biglang natabunan ng pagkagulat ang orihinal niyang plano.

“It’s okay. No problem,” sabi ng binata.

“Nasira ba’ng cellphone mo?”

“A little scratch sa tempered glass pero okay lang. Wala kang dapat alalahanin,” anito matapos tingnan saglit ang screen ng telepono.

“Scatch? Patingin nga.” Tinangka niyang kunin ang cellphone. Pero sa halip na iyon ay ang kamay ng binata ang nahawakan niya. Kapwa sila napatingin doon and for a while ay nagkatitigan sila bago mabilis niyang binawi ang kamay. Umatras si Aina nang isang hakbang, feeling awkward na hinagod ang batok saka muling nag-apologize. “Sorry talaga...”

Ngumiti si Duke kasabay ng muling pagsulyap dito ni Aina. “Don’t be so worried, okay. As much as nakaka-amaze tingnan na nagkukulay pink ang pisngi mo, wala kang dapat ipag-alala. It’s just a phone.”

“Ha?” Napahaplos ang dalaga sa pisngi. Ano ba ang sinasabi nitong nagkukulay pink ang pisngi niya? Sa dami ng mapupuna ay iyon pa talaga ang nakita nito?

“Anyway, what are you doing here? I thought you were with Charlotte inside the restaurant.” Hindi

pa niya nasasagot ang tanong nito nang tumunog ang hawak nitong telepono. “Wait, I’ll just take this, okay?” anang lalaki saka sinagot ang tawag habang lumalayo sa kanya.

Napatingin sa maliwanag na langit ang kanyang mga mata. Mukhang hindi niya ito makakausap sa pagkakataon na iyon kaya tumalikod siya para balikan na lang si Charlotte sa loob ng restaurant.

Pero napahinto siya sa naulinigang ilang ulit na paghingi ng sorry ni Duke sa kausap sa telepono. Napakunot-noo siya. Sino naman kaya iyong kausap nito at gayon na lang kung makahingi ito ng paumanhin?

Out of curiosity, sinundan ni Aina ang lalaki nang ibaba nito ang cellphone at nagmadaling tumungo kung saan. Tila tuluyan nang nawala sa isip nito na naroon siya. Huminto ito sa panig ng parking area kung saan naroon ang isang lalaking akmang paalis na.

“Jayce, wait!” halos pasigaw na pigil doon ni Duke.

“Bakit ba?” padaskol na ganti niyon. Isa iyong lalaking sa tantiya ni Aina ay more or less seventeen years old lang.

“Look, I’m sorry, okay?”

“Sorry? Ilang araw mo akong hindi pinuntahan sa apartment ’tapos makikita kitang kumakain dito sa restaurant na may kasamang mga babae habang halos magutom ako doon. Akala ko ba s’abi mo mahal mo ’ko kaya mo ’ko kinuha? Eh, gaya ka rin pala ng iba.”

Bahagyang napagalaw ang mga kilay ni Aina sa narinig.

“That is not true. Mahal kita, alam mo ’yan,” malumanay na sabi ni Duke. “Naging busy lang ako these past few days and I’m really sorry for that. I’ll make it up to you, okay? Tell me, ano ba’ng problema?”

May hitsura pero astigin ang dating ng binatilyo. Iyong tipong mas matagal ang inilagi sa kalye kaysa sa loob ng bahay.

“Yung apartment, kailangan nang bayaran. Pati tuition ko. Ipapasok-pasok mo ’ko sa gan’ung eskuwelahan ’tapos hindi mo iintindihin ’yung mga bayarin.”

Napatutop sa bibig si Aina. Isang bagay ang maliwanag sa mga narinig niya: suportado ni Duke ang binatilyo. Paaral. At mula mismo sa bibig nito ay *mahal* umano nito ang kausap.

Something smells fishy here, sa loob-loob niya.

“Huwag ka nang mag-alala, ako’ng bahala sa

lahat ng iyon, okay?” Duke said squeezing the shoulder of the young man. Ilang metro man ang distansya, hindi iyon nakaligtas sa pansin ni Aina.

“Saka kailangan ko nga pala ng jacket para sa sports fest sa school,” dagdag ng binatilyo.

“Walang problema, bibili tayo ngayon mismo.” At iginiya nito ang kausap na tinawag nito sa pangalang Jayce papunta sa kinapaparadahan ng kotse nito. Ito pa mismo ang nagbukas ng pinto para sa kasama at pagkatapos ay nagmamadali itong sumampa sa driver seat.

Naniningkit ang mga mata ni Aina habang sinusundan ng tingin ang kotse na nagmamaniobra palabas ng parking lot. Umalis si Duke nang hindi man lang yata naisip na may mga kasama itong naiwan sa loob ng restaurant.

Hindi siya makapaniwala, pero kung pagbabasehan ang mga nakita at narinig, mukhang may idea na siya kung bakit inaayawan ni Vida ang lalaking pino-prospect ngayon ni Charlotte.



“So, what can you say about him?” excited na tanong ni Charlotte kay Aina nang makabalik ang huli sa mesa nila sa loob ng restaurant.

She took a sip from her glass of iced tea. Gaya

ng dati, nandoon pa rin ang spark sa mga mata ni Charlotte habang ina-anticipate ang magiging opinion niya tungkol sa lalaking ipinakilala.

“Well, medyo guwapo naman siya,” sabi niya.

“That’s it?” Halatang hindi ito satisfied sa narinig. “Ang daming magagandang traits n’ung tao ’tapos ‘medyo guwapo’ lang ang sasabihin mo?”

“Eh, hindi ko pa naman kasi siya talagang kilala, di ba?”

“Kaya nga ipinakilala ko siya sa iyo, di ba?” pagdidiin ng kaharap. “Besides, hindi pa ba sapat ’yung mga sinabi ko sa iyo tungkol sa kanya?” Nakahalukipkip itong sumandal sa backrest ng kinauupuang silya. “Ewan ko sa iyo. Siguro lesbian ka talaga kaya sa dating na iyon ni Duke ay hindi ka man lang na-impress. No wonder ang dalang mong magka-love life.”

“Hindi lang na-impress, lesbian agad?” Umirap si Aina bagaman hindi na-offend sa sinabi ni Charlotte. Mga bata pa lang ay close na sila kaya sanay na siya sa paraan ng pananalita nito at sa takbo ng pag-iisip. “Hindi ba puwedeng... iba lang ang naging impression ko sa kanya?” dugtong niya.

“At ano naman ang naging impression mo sa kanya, sige nga?”

“Well, I think he’s... soft. Parang sobrang linis.”

“What’s wrong with that? Ano’ng gusto mo, dugyutin?”

“Hindi naman. It’s just that... para siyang ’yung tipo ng anytime, eh, puwedeng pumilantik ang mga daliri.”

Nagsalubong ang mga kilay ng kinakapatid habang nakatingin sa kanya. “Wait. W-what do you mean? Don’t tell me na sa tingin mo...”

“Mukhang berde ang dugo, eh.” Siya na ang nagtuloy.

“Oh, come on, Aina! ’Yung guwapong iyon n’ung tao ay pinag-iisipan mong bakla?” di-makapaniwalang reaction nito.

“Meron namang gan’un ah. ’Yung sa unang tingin, hindi mo iisipin na gay dahil macho, napakalaki ng katawan, may balbas at bigote. Pero nakita mo naman kung paano umindayog ang balakang, di ba? Eh, ’yung si Duke... sa hitsura pa lang... masahol pa sa babae sa kakinisan, eh.”

“Umiindayog ba ang balakang ni Duke?”

“Hindi nga, pero malay mo he’s just hiding his true identity. Sa labas, nakikita mo siyang parang lalaki naman talaga, but we do not know what he is behind closed doors.”

“Oh, so, you have to be locked behind closed door with him para mapatunayan mong lalaki siya talaga, ganoon ba?” Umiling-iling ito. “I assure you, if mapunta ka behind that closed door you’re talking about, mapapatunayan mong isa siyang tunay na lalaki.”

“Bakit? Napunta ka na ba sa ganoon kasama siya kaya sigurado ka?”

“Of course not.” Charlotte rolled her eyes this time. “Alam mo, if ever mapunta ka sa likod ng nakasaradong pinto kasama siya at walang nangyari, that doesn’t mean bakla na siya. He’s a gentleman, napaka-marespeto niya sa babae. Hindi siya gaya ng ibang lalaki na kapag nakakita ng magandang babae ay sisipatin mula ulo hanggang paa na tila gusto nang hubaran.”

“Baka hindi babae ang gusto niyang sinisipat at hinuhubaran.”

Patuloy na umiling-iling si Charlotte. “Hay, naku! Alam mo, hindi ako papayag na ganyan ang tingin mo kay Duke. Babaguhin ko ’yan, promise.”

“At paano mo naman gagawin ’yon? Magpapabuntis ka sa kanya? May mga bakla naman talagang nakakabuntis ng babae. Pero bakla pa rin sila.”

Napapantastikuhang tumingin ito sa kanya. “Bakit kaya hindi *ikaw* ang magpabuntis sa kanya tutal ikaw naman itong nag-iisip na bakla siya? For sure, doon pa lang sa paraan kung paano ka niya bubuntisin ay mawawala na ang negative impression mo sa kanya.”

Mataas ang iniangat ng isang kilay ni Aina sa sinabi ng kinakapatid. Alam naman niya kung paano nabubuntis ng isang lalaki ang isang babae. What she could not understand was, bakit parang okay lang kay Charlotte na mabuntis siya ni Duke kung saka-sakali?

Ipinilig niya ang ulo. Ano ba iyong pinag-iisip niya? Bakit nauwi sa buntisan ang usapan nila?

“Basta, hindi siya ganoon ka-impressive para sa akin,” sabi na lang niya. “Tingnan mo nga, basta na lang niya tayong iniwan dito. If he’s really a gentleman like what you say he is—”

“He texted me,” agaw ng kaharap sa sinasabi niya. “He had an emergency meeting with a client kaya kailangan niyang umalis. Pasensya na rin nga daw sa iyo.”

Emergency meeting with a client?

Base sa mga nasabi na sa kanya ni Charlotte, bilang nag-iisang anak, Duke ran a family-owned

real estate company. Pero hindi naman mukhang bibili ng real estate ang binatilyong kausap niyon sa labas kanina.

“Hindi pa rin tama na iniwan niya tayo at nagpaalam siya sa ’yo through text. Puwede naman na... bumalik siya dito para magpaalam nang maayos, right?”

“I guess his client is in a hurry, kaya nga sinundan na siya dito sa restaurant. Hindi niya puwedeng hayaan na mainis iyon dahil kapag nangyari iyon, malaki ang mawawala sa kanya.”

Ipinagkibit-balikat niya ang pagtatanggol ni Charlotte sa lalaki. She wondered kung kilala kaya nito ang binatilyong nakita niyang kausap ni Duke, but she doubted it. Dahil kung ganoon ay hindi na siguro niyon kakailanganing lumabas para kausapin ang Jayce na iyon. Obviously ay iba ang sinabi ni Duke sa kinakapatid niya. Nagsinungaling ito at hindi nito gagawin ang ganoon kung kilala ni Charlotte ang binatilyong kinatagpo ng lalaki sa parking area.



Ikinatuwa ni Vida nang sabihin ni Aina na personal na niyang nakilala si Duke Desiderio.

“That would be good. Hindi mo siya magagawang

ilayo kay Charlotte kung hindi mo siya kilala,” sabi ng matandang babae. Tinawagan siya nito sa cellphone at kahit nasa kalagitnaan siya ng trabaho ay sinagot niya iyon.

Hindi pa naman siya pumapayag nang tuluyan sa gustong ipagawa ng ninang niya ay mukhang confident itong hindi siya tatanggi. At nararamdaman niya kung bakit.

“Alam mo bang kasama ko dito si Mr. Pradeep?” Vida informed her, referring to the Indian national who owned the micro-finance company *Kaasenso Ka*, where Aina worked as Loan Officer. “Imagine, sa tagal ng panahon na hindi kami nagkita, naaalala pa rin niya ang pabor na ginawa ko sa kanya a few years ago,” dagdag nito.

Noong bago pa lang siya sa trabaho ay naikuwento sa kanya ni Vida ang minsang naging kaugnayan nito sa may-ari ng kompanyang napasukan niya. Through a common friend ay nakilala raw nito si Mr. Pradeep noong panahon na nahihirapan ang huli na pumasok ng legal sa pagnenegosyo sa Pilipinas. Sa tulong ng ninang niya na maraming kakilala sa mga ahensya ng gobyerno ay naging mas madali sa Indiano na makapagnegosyo sa bansa.

“I have already mentioned to him na may

inaanak akong employee sa isang branch ng company niya. We will be having a banquet tonight and I'm planning to ask him personally na ilipat ka sa main office at bigyan ng mas magandang posisyon.”

Bakit kasi hindi na lang ikaw ang magbigay sa akin ng mas magandang trabaho? Ilang beses na niya iyong gustong itanong, pero hindi niya itinutuloy. Events organizer si Vida at wedding coordinator naman si Charlotte. Ano nga ba ang malay niya sa nature ng trabaho ng mga ito? Wala siyang talent sa ganoong aspeto at alam iyon ng mag-ina.

“I can assure you that when Mr. Pradeep comes back there in Manila, ipapatawag ka niya para sa isang posisyon sa alinmang departamento ng kompanya niya,” pagtitiyak ng kanyang ninang. “In the meantime, tulungan mo muna akong mailayo si Duke Desiderio sa kinakapatid mo. Puwede ba iyon, Aina?”

She rubbed her forehead with the tip of her fingers. Sa kabila ng hindi magandang impression kay Duke ay hindi pa rin siya komportable sa gustong ipagawa ng ninang niya. Hindi pa siya nakakaisip ng isasagot dito nang bigla siyang gulantangin ng babaeng padaskol na nagsalita sa harap niya.

“Ma’am, bakit n’yo naman ako ipinatawag? Nasa

bahay pa ang asawa ko.”

Ibinaba niya ang hawak na cellphone. “Nay, dalawa na po kasi ang past due ninyo. Pangatlo na ngayon pag hindi pa kayo naghulog.”

“Magbabayad naman ako ng utang, eh. Hindi pa nga lang ngayon, pero magbabayad ako kaya hindi n’yo ako dapat pinapuntahan sa bahay namin. Nalaman tuloy ng asawa ko na may utang ako.”

“Bakit ho? Hindi ba’t pumirma naman ang asawa n’yo sa application form bago kayo nabigyan ng loan?”

Umirap ang babae. Isa lang ang naisip ni Aina, maaaring dummy ang pinapirma ng babae sa application form noong nag-a-apply pa lang ito ng loan. At lapse ng loan officer na pinalitan niya roon kung bakit iyon nakalusot. For more than two years of working for *Kaasenso Ka*, she had been in three branches of the company at hindi lang isang beses na naka-encounter siya ng ganoong pangyayari.

“Nanay, hindi po kasi puwede ang ganito. At the end of every month, ino-audit po kaming mga loan officers. Kung ilan po ang past due ng mga members na hawak namin ay china-charge po sa amin ’yon. Kaya hindi po puwede na marami kayong past due kasi... mauubusan po kami ng susuwelduhin,”

paliwanag ni Aina.

“O, ano’ng gagawin n’yo? Wala ngang pera, eh,” sabat ng lalaking biglang sumungaw sa pintuan ng bahay kung saan ginaganap ang weekly meeting ng grupong hinahawakan niya. “Alam n’yo, kasalanan n’yo rin. Inaakit n’yo sa pangungutang ’yung mga tao. Kesyo may insurance-insurance pa kayong nalalaman ’tapos kapag hindi nakabayad ay gigipitin n’yo.”

Nahulaan ni Aina na ito ang asawa ng babae. “Hindi naman po namin pinilit na mangutang sa amin si Nanay...”

“Sinabi ko bang pinilit n’yo? Ang s’abi ko inaakit n’yo. Sinasamantala ninyo ang pangangailangan ng mga tao saka ninyo gigipitin sa huli.”

“Tay, nagtatrabaho lang po ako—”

“Puwes, maghintay ka kung kailan kami magkakapera ng pambayad sa inyo!” Matapos iyon ay binalingan nito ang asawa. “Halika na! Nagpapauto ka kasi sa mga iyan!”

Napailing na lang nang kung ilang ulit ang dalaga. Kung tutuusin ay wala pa iyon sa dinanas niya sa pinanggalingang branch kung saan pinagmumura siya ng isang mangungutang na sinisingil niya.

Bigla niyang naalala ang cellphone na inilapag

niya sa mesa. Hindi niya nagawang putulin ang tawag ni Vida at mukhang hindi rin naman nito iyon pinutol.

“Ninang?” aniya nang muling damputin ang telepono.

“Makakaasa ba ako sa tulong mo, Aina?” untag ng nasa kabilang linya. Alam niyang narinig nito ang pakikipag-argumento niya. “Alam mo, magiging magaan ang trabaho mo kapag nalipat ka sa main office ng company n’yo. Hindi mo na kakailanganing makipag-away para lang gampanan ang trabaho mo. Ako na’ng bahala doon, basta tulungan mo lang ako.”

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan niya. Sa totoo lang ay napapagod na rin siya sa pakikisalamuha sa mga mangungutang na ayaw masingil. At hindi na rin siya natutuwa sa trabaho niya bilang loan officer. She deserved a much better position.

“Sige po, Ninang,” aniya nang tuluyang makapagdesisyon. “Susubukan ko po kayong tulungan.”

CHAPTER *Two*

“*B*akit ngayon mo pa naisipan na mag-leave sa trabaho? Ang daming bayarin sa school ng kapatid mo. No work, no pay pa naman sa kompanya n’yo.”

Halatang hindi nagustuhan ng tiyahin ni Aina na si Siony ang bigla niyang pag-uwi. As loan officers kasi ay stay-in sila ng mga kasama niya sa office na rented ng *Kaasenso Ka*.

Si Siony ang tumayong guardian nila ng kapatid niyang si Aiza mula nang mamatay ang mama nila at mag-asawa muli ang papa nila. Salbahe ang madrasta nila kaya mas ginusto nilang manatili sa poder ng matandang dalagang kapatid ng kanilang ina. Hindi naman sila lubusang pinabayaan ng papa nila, pero

kapos ang suporta nito kaya kinailangan ang pascholar ni Vida para makatapos siya ng pag-aaral. Sa ngayon ay umaasa na lang ang papa nila sa pensyon kaya hindi na ito nakakapagbigay para sa pag-aaral ng bunso niyang kapatid.

“Huwag po kayong mag-alala, Tita. May ipon naman po ako para sa mga bayarin ni Aiza,” aniya habang ina-unpack ang mga damit mula sa iniuwing maleta. Sa totoo lang ay malakas ang loob niya dahil isa sa pangako ni Vida na magpo-provide naman ito ng para sa mga pangangailangan niya habang hindi pa siya naililipat sa main office ng *Kaasenso Ka*. At siyempre, habang ang misyon na iniatang nito sa kanya ang tinatrabaho niya.

“Mukhang dala mo lahat ng mga gamit mo. Parang hindi ka na babalik sa trabaho, ah,” puna ni Siony.

“Baka po kasi malipat ako.”

“Na naman? Baka mapalayo ka, mahihirapan ako diyan sa kapatid mo. Kakaiba ang ugali niyan. Saka sa palagay ko, may boyfriend na ’yan.”

“May ipinakilala po ba siyang lalaki sa inyo?”

“Wala. At iyon ang masama, wala siyang ipinapakilala pero nahahalata kong mayroon kasi’y inaabot nang dis-oras ng gabi kung umuwi.

Madaling-araw na'y hindi pa natutulog at panay pa rin ang cellphone. Ewan ko kung sino'ng kausap."

"Baka naman po kaklase lang."

"Kaklase lang ba 'yung kinikilig siya habang magkausap sila? Hindi ka ganoon n'ung nagkokolehiyo ka."

Lihim siyang nagkibit-balikat. Hindi lang alam ni Siony, pero nagka-boyfriend din naman si Aina noong nag-aaral pa siya. Hindi nga lang niya ipinakilala rito dahil takot siya. Mahigpit kasi ito at alam niyang ikakagalit iyon ng babae.

"Hayaan n'yo po at kakausapin ko si Aiza. Saka hindi naman po ako mapapalayo. Baka nga po hindi ko na kailanganing umalis kasi baka sa main office na 'ko malipat."

"Aba'y mas mabuti kung ganoon."

"Kaya nga po." Nginitian niya ang tiyahin. Mayamaya pa ay iniwan siya nito sa loob ng kuwarto habang tinatapos niya ang pag-aayos ng mga iniuwing gamit.



Ilang araw ding pinag-isipan ni Aina kung paano kukumbinsihin si Charlotte tungkol sa hinala niya kay Duke. Naisip niyang sabihin dito ang tungkol sa binatilyong nakita niyang kausap ng lalaki pero

nag-alangan siya. Kung itinatago ni Duke ang tunay na pagkatao ay malamang na magde-deny ito at baka magmukha siyang nag-iimbento ng kuwento.

Isa lang ang naisip niyang paraan. Kailangang maiprisinta niya mismo kay Charlotte ang binatilyong iyon. At magagawa lang niya iyon kung may access siya sa buhay ni Duke.

Hawak ang isang cup ng kape na binili sa vendo machine, Aina decided to walk her way toward *Conchita Realty*, ang real estate company na pinapatakbo ni Duke. She had been sneaking at the lobby of the company's office building for the past few days bago nakaisip ng plano kung paano makakalapit sa lalaki nang hindi dumadaan kay Charlotte. She didn't want to give her godsister an idea na seryoso siyang patunayan ang akusasyon niya rito.

“Aww!” tili ni Aina nang may makabanggaan siya habang naglalakad sa hallway. Tumapon ang maligamgam na kape sa harap ng white colored blouse na suot niya.

“Oops! I'm sorry,” paumanhin ng lalaking nakabanggaan niya. O sa mas tamang salita, kusang binangga niya. “Are you okay?” tanong niyon, kapagkuwa'y natigilan. “Hey! You're...”

Nagkunwari siyang nagulat din. “Oh! Ikaw si... Duke Desiderio, tama?”

“Yes.” Ngumiti ang lalaki at hindi nakaligtas sa paningin niya ang pearly white teeth na nakahilera nang maayos sa mamula-mulang gums nito. “And you are... Aina... Regencio, ’yung kinakapatid ni Charlotte.”

“Naaalala mo pala ako?”

“Of course. Anyway, I am really sorry. Natapunan ka ng kape, I’m sure mainit ’yon. Are you hurt?”

“Ah, h-hindi naman. Okay lang ako. Actually, ako ang dapat na mag-sorry sa iyo. Hindi ko tinitingnan ’yung nilalakaran ko, nagmamadali kasi ako, eh. Ikaw, baka nabasa rin ’yang suot mo...” At tinangka niyang siyasatin ang coat na suot nito although wala naman siyang nakikitang bahid ng natapon na kape roon.

“I’m okay, hindi ako natapunan,” anitong iniiwas ang sarili, na parang ayaw magpahawak sa kanya. “Anyway, what are you doing here?” dugtong na tanong ng lalaki.

Naalala niya kung paano nitong pinisil ang balikat ng binatilyong nakita niyang kausap nito. Dahil ba babae siya kaya ayaw nitong madikitan niya? Back in high school ay may gay friend siya

na tila nandidiri every time na hahawakan ni Aina.

“Ah, may meeting ako sa isa sa mga offices dito. Pero sa tingin ko...” Sinulyapan niya ang suot na blouse. “...kakailanganin ko munang magbihis. Uuwi na lang muna ako para makapagpalit.”

“Saan ka uuwi?”

“Sa Project 4.”

“Sa Quezon City? Sa traffic ngayon, hindi ka agad makakabalik dito sa Makati in time for your meeting.”

“Eh, wala akong magagawa, hindi ako puwedeng humarap sa ka-meeting ko nang ganito.”

Nabahiran ng remorse ang mukha ng lalaki. “Ganito na lang. Why don’t you come with me and we’ll do something about that.”

“Naku, hindi na! Nakakahiya naman sa iyo...”

“No, no, no. Hindi madudumihan ’yang suot mo if not because of me. Kaya let me fix it, okay?” Inilahad ni Duke ang kamay pagawi sa harapan. Kung saan siya dadalhin nito ay hindi niya alam. Basta ang sigurado ni Aina, her plan was working out.



Duke Desiderio, President. Iyon ang naka-engrave sa metal-based nameplate na nasa harapan

ng mesa sa loob ng opisinang pinagdalhan ni Duke kay Aina.

Malinis ang opisina at mabango ang paligid. Nasa ayos ang mga gamit mula sa laptop computer, pen holder at dalawang magkapatong na libro sa ibabaw ng mesa, hanggang sa vase na nakapatong sa side piece. Halatang kalalagay lang ng fresh flowers doon and Aina couldn't help but wonder kung normal lang ba sa isang lalaki ang gugustuhing may bulaklak sa opisina nito.

Nagkibit-balikat siya. Hindi nga pala normal na lalaki si Duke. Hindi porque nasipat niya kanina nang mas malapitan ang mukha nito at nakita niya ang matangos nitong ilong at glowing na mga mata, na parang isang Korean heartthrob ang ngumiti sa kanya, ay magbabago na ang opinion niya tungkol sa pagkatao nito.

Mayamaya ay bumalik doon ang lalaki makalipas na ilang sandaling pagkawala.

“Here, I brought you another cup of coffee kapalit n’ung natapon,” sabi nito habang tangan ang isang tasa ng umuusok na kape na inilapag nito sa center table. “Hintayin lang natin ’yung secretary ko, may iniutos lang ako,” dagdag nito saka naupo sa sofa na katapat ng kinauupuan niya.

“Hindi ka na dapat nag-abala. Pero salamat na rin.”

“It’s okay.” Ikinampay nito nang bahagya ang isang kamay—*isang gesture na hindi niya madalas makitang ginagawa ng mga lalaki—saka ipinatong ang kanang binti sa kaliwang tuhod.* “Anyway, how’s Charlotte?” tanong nito.

“Okay naman siya,” sagot ni Aina matapos humigop ng kaunting kape. “Hindi pa ba kayo nagkikita mula n’ung magkakasama tayong nag-lunch?”

“Actually, we met the other night sa isang bar diyan malapit lang dito.”

“Ah.” Tumango siya. “Nag... date kayo?”

“No. She’s with a friend and nagkataon na nandoon ako n’ung dumating sila kaya sabay-sabay na kaming nag-dinner at uminom nang kaunti.”

“Umiinom ka pala.”

“Minsan lang. Ganoon din naman si Charlotte, di ba? Mukhang... medyo nalasing lang yata siya that night. She was talking nonsense na n’ung huli. Kung anu-ano’ng sinasabi. Kaya nga kinukumusta ko siya sa iyo ngayon.”

Muntik na siyang masamid sa iniinom na kape. Ano naman kaya iyong ‘nonsense’ na sinabi ni

Charlotte kay Duke? Hindi kaya nagsumbong ang kinakapatid niya tungkol sa hinala niya sa pagkatao nito? “A-ano’ng mga sinabi niya?” hindi nakatiis na tanong ni Aina.

“Wala naman.” Ito naman ang nagkibit-balikat. “You know her. May pagkaluka-luka ’yon.”

“Ah, oo... minsan,” aniyang pilit na ngumiti.

Naputol ang pag-uusap nila nang pumasok ang isang babaeng sa tingin ni Aina ay ang sekretarya ni Duke.

“Sir, heto na po’ng pinakuha n’yo,” anito na iniabot ang bitbit na shopping bag. Sinenyasan ito ng lalaki na ibigay iyon kay Aina, na ginawa naman nito. “Ma’am, pasensya na po. Masyado pa po kasing maaga at close pa ang mga malls kaya kinuha ko lang po ang dress na ’yan sa shop ng kaibigan ng pinsan ko.”

“Naku! Hindi na sana kayo nag-abala,” aniya.

“It’s okay,” Duke said saka muling binalingan ang sekretarya. “Liz, pakisamahan siya sa restroom para makapagpalit.”

“Sir, ongoing po ’yung maintenance sa restrooms dito ngayon. May problema po kasi sa ilang pipes doon.” Bumaling ito kay Aina. “Kung gusto n’yo po, Ma’am, puwede n’yo pong i-try sa ibabang floor.

Wala pong problem ang mga restrooms doon.”

“No need.” Tumayo ang lalaki at binuksan ang pinto na nasa isang panig ng opisina. “This is my private restroom, you can use it.”

“Thanks.” Matipid na ngiti ang iniwan ni Aina bago pumasok sa pintong binuksan nito.

Isang pink dress ang laman ng shopping bag na ibinigay ni Liz. Sa unang tingin pa lang ay alam na ng dalaga na may kaliitan iyon. Kaya nang maisuot na niya ay namroblema siya dahil hindi niya maitaas ang zipper niyon sa likuran. Binuksan niya ang pinto ng restroom at isinungaw ang mukha para sana humingi ng tulong sa sakretarya. Pero si Duke na lang ang nakita niya na nakaupo sa likuran ng table nito.

“N-nasaan ‘yung secretary mo?” tanong niya nang mabalingan siya ng lalaki.

“She’s outside. Is there any problem?”

“Yung ano kasi... ’yung zipper ng dress... hindi ko maisara...”

“Okay, let me help you.” Walang pag-aalinlangan na pumasok ito sa private restroom. Sa una ay nag-alangan si Aina, lalo na nang isara nito ang pinto. Pero naisip niya, bakit siya mahihiya kung makita nito ang likuran niya gayung binabae naman ito? Di

ba't pagkakataon na rin iyon para mas mapatunayan niya sa sarili na tama ang kanyang hinala?

“Come on.” Sinenyasan siya nitong tumalikod, na ginawa naman niya. Parang walang anuman na itinaas ni Duke ang zipper ng dress. Nakangiti ito nang humarap muli siya. “Tamang-tama lang pala sa iyo.”

“Medyo... masikip.”

“It looked good on you. Bagay sa iyo ang pink.”

Ibig matawang nagbaling siya ng tingin sa salamin doon. Nakangiti si Duke habang tila sinisipat siya at kung hindi lang niya pinagdududahan ang gender nito ay baka na-conscious na siya. Charming ang ngiti nito, iyong tipong mapapakurap ka. Nakakadagdag pa ang malalim na dimple sa pisngi nito. Parang mas naiintindihan na niya ngayon kung bakit naakit nang husto rito ang kinakapatid niya.

Pero kahit siguro gaano siyang titigan nito ay hindi makakaapekto sa kanya. Kasi mukhang hindi siya kundi ang kulay ng dress na suot niya ang nagustuhan nito. *Pink!*

Hindi sinasadya na nasagi ni Aina ang blouse niyang natapunan ng kape na isinampay niya sa ibabaw ng sink. Nalaglag iyon sa lapag na dali-dali sana niyang dadamputin. Pero kumilos din ang

lalaki para damputin iyon kaya nagkasabay sila at nagkagulatan. Kapwa sila natigilan.

Sa halip na ang blouse ay ang kamay niya ang naabot ni Duke. Doon siya medyo na-conscious. Napakalambot kasi ng palad nito. Singlambot ng pisngi nitong nabibistahan niya nang malapitan ngayon. Tila ang sarap niyong haplusin. Malambot din kaya ang lips nito?

Napatingin siya roon. Alam ni Aina na masasagot lang ang tanong niya kung hahalikan siya ng lalaki. Hindi ito mahihirapan dahil gadangkal lang halos ang layo ng mga mukha nila sa isa't isa. Pero malabong maisip nitong halikan siya. Siguradong mandidiri itong gawin iyon. Buti kung siya si Jayce.

Para siyang binuhusan ng malamig na tubig sa pagkakaalala sa binatilyong nakita niyang kausap ni Duke. Paano niya naisip na hahalikan siya ng lalaki gayung pihadong ang batang iyon ang hinahalikan nito? Siya ang dapat na mandiri sa kaharap.

Sa naisip na iyon ay mabilis siyang tumayo. "Uhm... I think I have to go. Baka ma-late ako sa meeting ko."

"Oh, yes, sure," anitong tumayo na rin.

"B-babalik na lang ako... siguro... bukas... para bayaran itong blouse."

“No need for you to—” Hindi na nagawang tapusin ni Duke ang sasabihin sana dahil tuloy-tuloy nang lumabas ng restroom si Aina.

May kung ano siyang nararamdaman na nagpapailing sa kanya habang naglalakad palayo sa opisina ng lalaki.

She just had her first experience with Duke Desiderio... behind a closed door.

CHAPTER *Three*

*A*ng mismong dress na ibinigay ng secretary ni Duke ang ginamit na dahilan ni Aina para makabalik sa opisina ng lalaki nang sumunod na araw.

“Hindi n’yo po kailangang ibalik ’yan, Ma’am. Binayaran po ’yan ni Sir,” sabi ng sekretarya nang iabot niya rito ang bag na kinalalagyan ng damit.

“Gan’un ba? Ah, magkano ba’ng ibinayad niya dito? Para mabayaran ko na lang sa kanya.”

“Naku! I’m pretty sure, hindi niya po tatanggapin ang ibabayad n’yo.”

“Eh, di ibabalik ko na lang sa kanya itong blouse. Tatal, mukhang nagustuhan niya ito kahapon, lalo na ’yung kulay.”

“Ano po?”

“Pink.” Gumalaw ang kilay ng sekretarya sa sinabi niya. Bahagya niyang ipinilig ang ulo. “I mean, kung hindi niya ’to pababayaran, ibabalik ko na lang kasi nakakahiya naman,” aniya saka lumingon sa pinto ng opisina ng lalaki. “Nandiyan ba siya?”

“May kausap po siya ngayon. Kung gusto n’yo po hintayin n’yo na lang na lumabas ’yung kausap niya.”

“Okay.” Naupo si Aina sa narroong sofa. Mayamaya ay isang babaeng empleyada ang tumawag sa sekretarya kaya naiwan siyang mag-isa.

Habang nakaupo ay panaka-nakang sumusulyap si Aina sa pinto ng opisina ni Duke. Ilang minuto na ang nakalipas, pero wala pa ring lumalabas doon kaya napapatanong na siya sa sarili kung sino kaya ang kasama roon ng lalaki. Hanggang sa isang hinala ang pumasok sa isip niya.

Hindi kaya ang nasa loob ng nakasaradong opisina kasama nito ay ang binatilyong nakita niyang kausap nito kamakailan lang?

Luminga siya sa paligid. Nang matiyak na walang nakakapansin sa kanya ay tumayo siya at gumawi sa pinto. Mula sa kinatatayuan niya ay wala naman siyang maulinigan na kung ano sa loob. Out of curiosity ay inilapit ni Aina ang sarili

sa pinto hanggang sa halos lumapat na ang tainga niya roon. Nang wala pa ring marinig ay isinandal na niya ang pisngi. Noon biglang bumukas ang pinto at dahil nakasandal ay hindi siya nakabawi ng balanse. Susubsob sana siya kung wala ang mga bisig na sumalo sa kanya.

“Hey!” bulalas ng may-ari ng mga bisig na iyon.

Parang slow motion scene sa pelikula, walang segundo na nakalagpas kay Aina. Mula sa pagsalikop ng mga braso ni Duke sa katawan niya hanggang sa paglapat ng palad niya sa dibdib nito para mangunyapit. Hindi rin nakaligtas sa sensor ng ilong niya ang mabango nitong amoy. Mamahalin ang gamit nitong pabango, walang duda. Iyon nga lang, hindi amoy panlalaki.

Hindi niya alam kung gaano katagal siyang nakasandal sa dibdib ni Duke. Hindi kasi niya maipaliwanag kung bakit parang may nagkikislapan na kung ano sa paligid ng pigura nito habang nasa ganoon silang tagpo at nakatingala siya sa mukha nito. Parang kumabog ang dibdib niya nang muli niyang mapagtuunan ng pansin ang manipis nitong mga labi.

“Aina?”

She barely heard the voice calling her name.

Maliban pala sa magandang mga labi ay napaka-sweet din ng boses ni Duke. Parang boses ng babae.

“Hey, Aina!”

Nagulantang siya, parang binuhusan ng malamig na tubig. Hindi iyon parang boses-babae lang kundi talagang boses iyon ng babae. Boses ni Charlotte! Nasa likuran ito ni Duke at nakamasid sa kanya nang nakakunot ang noo.

Mabilis siyang kumawala sa pagkakahawak ng lalaki.

“What happened to you?” tanong ng kinakapatid

“Ah... kakatok sana ako kaso... biglang bumukas’yung pinto...”

“Kakatok ka lang, eh, bakit nasubsob ka?”

“Hindi kasi ako nakatingin kaya... nagulat ako n’ung biglang bumukas. Ah, i-ikaw pala ang kasama niya sa loob?”

“Yes. May iniisip ka bang ibang kasama niya sa loob?”

“Ah, w-wala naman.” Mabilis niyang dinampot ang nabitiwang bag. “Actually, isasauli ko lang sana itong...” She paused. Kung itutuloy niya ang sasabihin ay malalaman ni Charlotte na nanggaling na siyang minsan sa opisina ng iyon. Pero mukhang hindi naman na niya iyon maikakaila.

“You don’t need to return that,” anang lalaki.

“Nakakahiya naman kasi... binayaran mo pala ito.”

“Yes, pero isipin mo na lang na regalo ko ’yan sa iyo.”

“Pero wala namang dahilan para bigyan mo ’ko ng regalo.”

“Kung ayaw mo, eh, di akin na lang,” singit ni Charlotte, sabay agaw sa bag. Pero hindi pa man nito iyon nabubuksan ay agad iyong binawi ni Duke.

“That is not yours,” sabi nito.

“Titingnan ko lang...”

“Huwag mo nang pag-interesan ’to dahil hindi ’to babagay sa iyo. Trust me, magaling akong tumantiya ng babagay o hindi,” giit nito.

Napaangat nang lihim ang isang kilay ni Aina. Bilang isang lalaki, normal lang ba na mahusay tumingin si Duke ng bagay o hindi bagay na damit para sa isang babae? Maaari. Mukha naman kasing mahusay itong mamili ng mga isusuot. Pero iba lang kasi ang dating ng pagkakasabi nito niyon kay Charlotte.

Ano ka ba? Hindi nga kasi siya normal na lalaki, di ba? Parang may nagpaalala niyon sa kanya. Sa loob ng ilang sandali ay naiwaglit niya ang hinala sa

lalaki dahil sa pagkakasubsob niya rito. Pero ngayon ay bumalik na iyon.



“On leave ka sa work, di ba? Sino’ng ka-meet mo doon malapit sa office ni Duke?” tanong ni Charlotte nang sabay na silang umalis ni Aina sa opisina ng *Conchita Realty*.

Hindi inasahan ng dalaga na makakatagpo niya roon sa kanyang kinakapatid. Plano pa niyang gumawa ng paraan para tumagal siya sa opisina, makipag-usap kay Duke ng tungkol sa kung anuman hanggang sa eventually ay yayain siya nito na magkape o kumain sa labas. Gusto niyang maging palagay ang loob nito sa kanya at ituring siyang kaibigan. That way ay baka magtiwala itong i-share sa kanya ang ilang bagay sa buhay nito pati na rin ang tungkol kay Jayce.

Maganda na sanang pagkakataon ang pagsubsob niya rito at ang pagsalo nito sa kanya para mas magkalapit sila. Kung hindi lang sana iyon agad pinutol ni Charlotte.

“Actually, n-nag-inquire ako sa isang BPO company doon,” sagot ni Aina sa tanong ng kasama na nagmamaneho ng kotseng sinasakyan nila.

“Talaga? You mean, aalis ka nang tuluyan sa

work mo to be a call center agent?”

“Kung matatanggap.” Sa isang banda ay may bahid naman iyon ng katotohanan. Isa sa mga dating kasamahan niya sa *Kaasenso Ka* ang nag-offer sa kanya recently na lumipat sa BPO company na pinagtatrabahuhan niyon ngayon. Hindi niya alam kung coincidence lang o pinag-aadya ng pagkakataon na ang address ng opisina ng sinabi niyon ay sa building kung saan din naroon ang opisina ni Duke.

Tumawa nang alanganin si Charlotte “Akala ko iba ang reason kung bakit ka nandoon, eh.”

“Anong ibang reason?”

“Like... pinupuntahan mo si Duke sa office niya without me knowing it.”

“W-why would I do that?” patay-malisyang tanong ni Aina.

“I don’t know. Baka kasi mamaya pabebe ka lang at kunwari gay ang tingin mo sa kanya, pero ’yun pala interesado ka rin.”

Nagkunot-noo si Aina. Magpoprotesta sana siya sa iniisip nito, pero pinili niyang manahimik nang maalala na ilang taon na ang nakakaraan ay may isang lalaki rin itong pinag-interesan ngunit nang makilala siya ay nagpakita rin ng motibo sa kanya.

Hindi niya pinatulan ang lalaking iyon, subalit ramdam niya na kahit papaano ay naapektuhan ang pagkakaibigan nila noon ni Charlotte. They were able to patch things up nang mawala sa buhay nila pareho ang lalaki at ayaw niyang maungkat iyon ngayon. In the first place, hindi naman siya interesado kay Duke Desiderio.

“Hindi ako pumapatol sa bading, ’noh!” aniyang sinamahan pa ng irap.

“Bading ka diyan. Baka pag nahalikan ka niya, ewan ko lang kung hindi ka pumatol.”

She rolled her eyes. “Kahit maghubad pa siguro ako sa harap niya’y walang gagawin ’yon. Baka nga masuka pa siya, eh.”

Tila may bigla itong naisip dahil sa sinabi niya. “Why don’t we make that a challenge?”

“Anong challenge?”

“Hubad sa harap ni Duke challenge. Tingnan natin kung ano’ng mangyayari.”

Napanganga si Aina sa pagkakataong iyon. “Baliw ka ba?”

“No. It’s just that you’re insisting he’s gay, so, titingnan natin kung ano’ng magiging reaction niya kung sakali. Kung bubukol ba’ng harap ng pantalon niya kung makikita ka niyang nakahubad sa harap

niya.”

“Why me? Dapat ikaw ang gumawa n’un tutal ikaw itong ayaw maniwala na gay siya.”

Umiling ang kinakapatid. “Hindi puwedeng ako. The burden of proof lies in the hands of the accuser, kaya ikaw ang dapat na gumawa niyon. O, ano? Challenge accepted ba?”

Nag-angat si Aina ng kilay. “Okay lang sa ’yo na may ibang babaeng maghuhubad sa harap niya?”

“Hindi ibang babae. Ikaw lang ang papayagan kong gumawa ng ganoon. Ano? Kaya mo ba?”

Maraming ulit siyang napailing habang nakatingin pa rin kay Charlotte. Iba ang nakikita niya sa pag-issue nito ng ganoong challenge. Kung siya ay naaalala pa ang pangyayaring muntik nang sumira sa closeness nila, hindi malayong hindi pa rin iyon nabubura sa isipan nito. The real challenge was not whether or not kaya niyang maghubad sa harap ni Duke. It’s more on, magagawa ba niya iyon sa harap ng lalaking alam niyang gusto ni Charlotte?



Ang pagkakaalala sa minsang pangyayaring muntik nang sumira sa pagkakaibigan nila ni Charlotte ang nagbigay ng doubt kay Aina kung magiging effective ba ang plano niyang kunin ang

tiwala ni Duke. Naisip niyang baka hindi pa sila nagiging close ng lalaki ay nasira na ang samahan nila ng kinakapatid niya.

Kaya bumalik siya sa pinakaunang ginawa, ang pag-stalk dito. Ilang araw niya itong inabangan sa opisina pagpasok at paglabas, sa pagbabakasakali na may gawin itong puwedeng maging ebidensya na magpapatunay sa pagkatao nito. Kapag may ebidensya na ang kanyang hinala na hindi mapapasubalian ay saka niya iyon isisiwalat kay Charlotte. That way ay hindi ito mag-iisip na inaagawan niya kundi baka magpasalamat pa sa kanya.

Pero tama pa ba ito? minsan ay naitatanong din ni Aina sa sarili. Dumating na siya sa puntong sinundan niya si Duke hanggang sa New Manila, Quezon City kung saan ito nakatira ayon na rin kay Charlotte. Kaya ngayon, alam na niya ang eksaktong bahay nito. Pero wala rin siyang napala roon. Kung minsan man lang sana, sa mga pagkakataon na sinusundan niya ito ay nagpunta ang binata sa apartment na tinitirahan ni Jayce ay mas mapapadali ang trabaho niya.

Pero pasasaan ba't makikita ko rin ang gusto kong makita, aniyang pilit na pinaglalaman ang pagkabagot sa ginagawa. Iyon eksakto ang naisip

niya nang hapon na iyon na nakita niyang lumabas ng opisina si Duke nang mas maaga kaysa sa nakagawian. Sumalida papasok sa parking lot ng isang mall ang kotse nito na pinasundan niya sa arkiladong taxi.

“Kuya, ready ka lang dito, ha,” bilin niya sa driver nang bumaba siya. Sa laki ng ini-offer niyang ibabayad dito galing sa perang pangsuporta ni Vida sa misyon niya ay paniguradong hindi ito aangal.

Marami mang tao sa loob ng mall ay hindi nawala sa paningin ni Aina ang lalaking sinusundan. Nakita niya itong pumasok sa tindahan ng mamahaling brand ng cellphone. Hindi naman nagtagal ay lumabas din ito na may bitbit nang maliit na bag. Lihim pa rin niya itong sinundan hanggang sa makalabas muli ng mall.

Pero napahinto siya nang makita kung sino ang sumalubong dito sa parking area. Walang iba kundi ang binatilyong si Jayce!

“Bakit mo ba ako pinapunta rito?” agad na tanong ng huli.

“I’ve been trying to contact you, pero tuwing tumatawag ako sa apartment mo ay sinasabi ng landlady na wala ka. Gusto ko sanang pumunta doon, pero alam kong hindi kita aabutan kaya

nagbilin na lang ako na magkita tayo dito ngayon. Kung hindi ka dumating, pupunta na lang ako doon at doon na kita hihintayin,” sagot ni Duke.

Nauulinigan man, dahan-dahang lumapit pa si Aina sa kinaroroonan ng dalawa para mas marinig ang pag-uusap ng mga ito. Pumuwesto siya sa gawing likuran ng sinusundang lalaki. Never mind kung mapansin siya ni Jayce. Hindi naman siya kilala niyon.

“Hindi ko naman kasi alam kung kailan ka pupunta. Dapat ipinapaalam mo sa akin para hindi ako umaalis.” Tumawa nang alanganin ang binatilyo. “Pero paano mo pala masasabi sa akin, eh, hindi mo nga ako ma-contact kasi nasira ang cellphone ko.”

“Ibinato mo kasi sa wall kaya nasira,” may bahid birong sabi ng binata.

“Eh, nakakainis ka na kasi.” Medyo tumaas ang boses ng binatilyo. “Kung sinu-sinong pinag-iintindi mo, halos pabayaang mo na ’ko.”

Inabot ni Duke ang balikat ng nagmamaktol na kausap saka kinabig. “Hindi kita pinababayaan.”

“Mas hindi mo ako mapapabayaang kung ipinapakilala mo na ako sa lahat. Para hindi ganitong patagu-tago tayo na parang ikinakahiya mo ’ko.”

Nagtayuan ang balahibo ni Aina nang makitang

lumapat ang isang kamay ni Duke sa pisngi ni Jayce. Sa kabila niyon ay mabilis na gumana ang isip niya. There's the evidence she's been waiting for. Ang magpapakita kay Charlotte ng tunay na pagkatao ni Duke. Inilabas niya ang kanyang cellphone at itinutok iyon sa dalawa.

“Hindi kita ikinahihiya, huwag na huwag mong iisipin 'yan, okay? Darating din tayo doon. In the meantime...” Nakangiting ipinakita ng lalaki ang bitbit na bag. Nagulat ang binatilyo sa umpisa, kapagkuwa'y gumuhit sa mga labi nito ang malapad na ngiti.

“Sa 'kin 'yan? Binilhan mo 'ko ng cellphone?”

“Yup! Para naman masabi mo agad sa akin kung may kailangan ka. At puwede na rin kitang tanungin kung nasaan ka.”

Excited na binuksan ni Jayce ang kahon. Lalong nagdumilat ang mga mata nito nang makita ang nasa loob niyon. Tila speechless pa nga ito. Napakibot nang bahagya si Aina sa sumunod na ikinilos nito. Bigla itong yumakap kay Duke.

“Salamat,” sabi nito. At hindi nalingid sa dalaga kung gaano kahigpit ding yakap ang iginanti rito ni Duke.

“I'll do anything for you, you know that. Kaya

huwag mong iisipin na hindi kita mahal, okay?”

“Mahal din naman kita, eh. Pasensya ka na kung minsan pasaway ako.”

Tumango ito. “I understand.”

“Babawi ako sa iyo. Sama ka sa apartment.”

“Sure.” Halata ang bahid ng excitement sa boses ni Duke.

“Puwede bang doon ka na rin matulog ngayong gabi? Samahan mo naman ako doon kahit minsan lang.”

“Of course! Gusto ko ’yan.”

Mataas ang pagkakaangat ng kilay ni Aina nang sabay na gumawi sa kinapaparadahan ng kotse ni Duke ang dalawa. Pero mayamaya ay nauwi iyon sa pagbubuntong-hininga. Hindi na niya hinintay pang makasakay ang mga ito bago niya tinapos ang pagkuha ng video. Kung pagbabasehan ang nasaksihan niyang tagpo, wala na ni katiting na dudang tama siya sa mga hinala niya kay Duke.

Gusto niyang matawa. Sa mga gay celebrities ay normal na ang magbigay ng kung anu-anong bagay sa mga lalaking hawak nila. Mapa-mamahaling sapatos hanggang sa kotse. Si Duke, hindi man celebrity ay hindi naiiba. Kung nakita lang ni Charlotte ang nakita niya ngayon ay siguradong

mapapalis ang malaki nitong paghanga sa lalaki.

Napatingin muli siya sa hawak na cellphone. All she would have to do was to show the video to Charlotte at presto! Tapos na ang misyon niya.

“Ma’am, susundan pa ba natin boyfriend n’yo?” tanong ng driver ng taxi nang muli siyang sumakay.

Nagulat siya sa pag-assume nito. “Boyfriend?”

“Di po ba boyfriend n’yo ’yung sinusundan natin?”

“H-hindi ho. Hindi ko boyfriend ’yon.”

Pinaandar nito ang taxi. “Mahirap po talagang tanggapin sa sarili na ’yung lalaking gusto mo, kabaro pala ang gusto,” anito na may malapad na ngiting nakaguhit sa mga labi. Obviously ay nakita rin nito ang tagpong nasaksihan ni Aina.

CHAPTER *Four*

*M*alalalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Aina habang nakaupo sa mesa sa sulok ng isang coffeeshop. Habang naghihintay roon ay ilang beses pa niyang pinanood ang video sa kanyang cellphone. Kagabi pa lang ay gusto na niyang i-send iyon kay Charlotte, pero mas pinili niyang ipakita iyon dito nang personal.

“Hi! Kanina ka pa?” tanong ng kinakapatid nang maupo sa katapat niyang silya. Napansin agad niyang masaya ang aura nito. Nakakakonsyensyang sirain ng isisiwalat niya. Pero kailangan nitong malaman ang totoo.

“Hindi pa naman masyado,” sagot ni Aina. Tinawag nito ang waiter at humingi ng black coffee.

“Pampaalis ng hangover. Napasarap kagabi, eh.”
Hinagod nito nang marahan ang noo.

“Saang bar ka naman naglasing kagabi?”

“Diyan lang sa tabi-tabi.”

Humigop siya sa tasa ng latté na nauna na niyang in-order. “Kaya pala parang nakalutang ka pa.”

“Hindi ako nakalutang, nakalapat ang mga paa ko. Sa cloud nine nga lang,” anitong tila kinilig sa sariling sinabi. “Anyway, ano nga pala ’yung gusto mong ipakita sa akin?”

Parang bumubuwelong humugot si Aina ng malalim na paghinga. “Before anything else, gusto kong sabihin sa iyo na... hindi ko intensyon ang manira ng pagkatao,” simula niya. “Kaya kung puwede, pagkatapos mo ’tong makita, huwag mo na itong sasabihin sa iba. Kumbaga, atin-atin na lang.”

“Wow! That looks serious,” ani Charlotte na nawala ang ngiti sa mga labi.

“It’s up to you kung kokomprontahin mo siya but if I were you, mas mabuting huwag na lang. Para hindi na rin siya mapahiya.”

“Ang daming pasakalye. Ano ba kasi ’yon?”

Sinimulang pindutin ni Aina ang screen ng hawak na cellphone. She was about to hand it to Charlotte nang biglang dumating si Duke.

“Hey, lovely ladies!” bungad nito. Agad na napabaling dito ang attention ng kausap niya.

“Hey, handsome!” Tumayo si Charlotte para salubungin ng yakap ang bagong dating. Matapos iyon ay naupo si Duke sa silya kung saan nakatapat ang cellphone na iaabot sana ni Aina sa kinakapatid. Mabilis niya iyong binawi.

“Hi, Aina!” nakangiting bati nito sa kanya.

“H-hi!” ganti niya. Hindi siya handa sa pagdating ng binata kaya nakaramdam siya ng uneasiness.

Ilang saglit na nanatiling nakatingin sa kanya ang lalaki nang nakangiti. Pansin niyang mukhang maganda rin ang araw nito. Fresh na fresh ang dating nito na animo ay halaman na bago pa lang nadidiligan.

Dahil ba natulog ito sa apartment ni Jayce nang nakaraang gabi? Gaano kaya karaming liquid ang naidilig ng binatilyong iyon dito at para itong bulaklak na namumukadkad?

Napapikit si Aina at sa imahinasyon niya ay nabuo ang tagpo na posibleng pinagsaluhan nina Duke at Jayce sa loob ng nakasaradong pinto ng apartment nang nakaraang gabi. Pinangalisagan tuloy siya ng balahibo.

“Hoy! Bakit mas matagal kang nakatingin kay

Aina? Does that mean she look lovelier than me?”
sita ni Charlotte sa lalaki.

“Don’t get jealous. Sadyang may talent lang ako sa pagkilatis ng totoong ganda. Anyway, ang s’abi ko naman lovely ladies, di ba? That’s because both of you are lovely,” ani Duke na kinalabit pa sa tungki ng ilong ang kinakapatid niya.

“Mabuti na ’yung malinaw.” Lumagok ng kape si Charlotte bago muling tinanong si Aina. “Anyway, nasaan na nga pala ’yung ipapakita mo sa akin?”

Napahigpit ang hawak niya sa cellphone. Hindi niya maipapakita rito ang kinuhang video nang kaharap mismo si Duke. “Uhm... sa ibang araw na lang siguro,” sabi na lang niya.



For the third time ay nagdesisyon si Aina na mag-iba ng strategy. Personal na pagkatao ni Duke ang involved sa video nito at ni Jayce kaya napag-isip-isip niya na hindi magiging tama kung itutuloy niya ang paglalabas niyon kay Charlotte. Baka magkaproblema pa siya dahil panakaw ang pagkakakuha niya niyon.

Kaya ngayon ay heto siya, papunta sa opisina ng lalaki kasama ang plano na kausapin ito nang tapatan. Kampante siyang sumakay sa elevator nang

bumukas iyon sa tapat niya. Wala siyang kasabay nang una, pero nang sasara na iyon ay may humabol. And of all people, si Duke ang nagmadaling pumasok doon.

Handa siya at planado naman ang mga sasabihin sa lalaki, pero kinabahan pa rin siya nang makita ito. Sa gulat ay muntik na niyang mabitiwan ang hawak na cellphone. Kung bakit ay pinapanood kasi niya, for the nth time, ang video roon.

Nasalo ng lalaki ang cellphone kaya hindi iyon bumagsak. Doon mas lalong kinabahan si Aina. The video was still playing at kung titingnan ni Duke ang screen ng telepono ay paniguradong makikita nito ang sarili. Nang mukhang susulyapan nga nito ang screen ng nasambot na cellphone ay mabilis iyong inagaw ng dalaga.

“Oh! Ikaw pala ’yan?” anang lalaki nang mabalingan siya. “Papunta ka ulit sa office na pinupuntahan mo dito?”

“Ah, h-hindi,” sagot niyang medyo tensed ang pakiramdam. “Ang totoo, papunta ako sa office mo.”

“Talaga? May... kailangan ka ba sa akin?”

Nagtaas siya ng noo, huminga nang malalim. “May gusto akong sabihin.”

“Okay. Muntik mo na akong hindi abutan. May

lakad ako this afternoon, may kailangan lang akong kunin na papers sa office kaya ako bumalik.” Pinindot nito ang numero ng palapag na kinaroroonan ng opisina nito. “Tungkol ba saan ’yung sasabihin mo sa akin?” tanong ng lalaki kapagkuwan.

Her original plan was to tell him what she had discovered about him and the young guy named Jayce. Kung tatanggi ito ay ipapakita niya ang video. At least ay silang dalawa lang ang makakaalam niyon at hindi ito mapapahiya sa iba. She would assure him na walang ibang makakaalam sa sekreto nito kung lalayuan nito si Charlotte. Na-realize lang niya ngayon na mukhang hindi iyon ganoon kadalang gawin.

“Sige, mamaya na lang natin pag-usapan sa office ko,” anito nang hindi siya sumagot. Ngayon kasi siya nakakaramdam ng pag-aalangan. Heto si Duke at nakangiti sa kanya pagkatapos ay pinag-iisipan niyang ibulgar ang lihim ng pagkatao nito. Wala naman itong masamang ipinakita sa kanya mula’t sapul.

Tama lang na personalin ko siya, sa loob-loob niya. Lumunok si Aina para paluwagin ang dibdib. Tila nahihirapan siyang huminga. Kung bakit naman kasi nakasabay niya agad sa elevator ang lalaki. Hindi

tuloy siya nakakuha ng buwelo bago ito makaharap.

Nang malapit na sila sa pupuntahang palapag ay magpapasalamat na sana si Aina. Dahil kasi sa tension ay parang susumpungin yata siya ng dating naging sakit niya na ang alam niya ay gumaling na. Pero eksakto sa pagtapat ng elevator sa palapag na pupuntahan nila ay bigla iyong nanahimik kasabay ng pagdilim ng paligid.

“Ano’ng nangyari?” tanong niya.

“Power interruption, I guess,” sagot ng lalaki.

Bakit ngayon pa? “Hindi siguro magtatagal.”

“Who knows?”

“M-may generator naman itong building, di ba? Kaya ready ito sa brownout.”

“Usually, hindi nila pinapagana ang mga elevators kapag binubuksan ang generator. Handa lang kasi iyon para mag-function pa rin ang mga opisina kahit walang kuryente.”

Napahagod si Aina sa lalamunan. Tila nagsisimula iyong manuyo. Medyo sumisikip din ang paghinga niya at parang gustong manginig ng kanyang kalamnan. Na-overcome na niya ang pagiging claustrophobic sa tulong ng mga doctor na binayaran noon ni Vida kaya hindi niya maintindihan kung bakit tila nararamdaman niya

ang symptoms niyon ngayon.

“It’s all in the mind,” sabi noon ng psychiatrist sa kanya. *“Sa tuwing makukulong ka sa isang masikip at madilim na lugar, isipin mo lang na walang masamang mangyayari. Mag-concenrtate ka to overcome your fear.”*

Gumaling siya sa naging condition niyang iyon. Hindi talaga iyon inborn sa kanya. Na-trauma lang siya noong seven years old siya nang ikulong siya ng bagong kinakasama ng papa nila sa isang lumang aparador. Sinabi ng madrasta nila na kasama naman niya roon ang namatay nilang ina at dahil bata na may takot sa multo, idagdag pa ang naramdaman niyang mga paa ng naggagapangang mga ipis sa loob ay hindi niya kinaya ang sobrang takot. Pawisan siya, walang malay at mahina ang tibok ng puso nang mailabas siya roon ng kanyang ama.

Sa kabila niyon ay hindi nagawang iwan ng papa nila ang bago nitong kinakasama dahil buntis iyon. Napilitan itong magdesisyon na hayaan sila sa poder ni Siony. Mula noon din ay hindi na niya kinakaya ang makulong sa masikip at madilim na lugar. Salamat sa tulong ni Vida at naka-recover siya.

May kasama ako, sabi niya sa sarili. Si Duke nga lang iyon. Of all people, si Duke pa.

Muli siyang lumunok. Kinalas niya ang pinakaibabaw na butones ng kanyang blouse sa pag-asang luluwag ang paghinga niya. Lumalakas kasi ang kabog sa dibdib niya.

Walang masamang mangyayari sa akin, aniya muli sa sarili.

Dapat lang. Dahil kung may mangyayari sa kanya, posibleng kalkalin ni Duke ang cellphone niya para humanap ng mako-contact na kamag-anak niya. Baka isa sa makalkal nito ang video na naroon. Ano na lang kaya ang gagawin nito sa kanya kapag nakita ang video na iyon? Baka hindi siya makalabas nang buhay sa elevator.

Concentrate, Aina, utos niya sa sarili. Walang mangyayaring masama sa iyo. Binuksan niya ang isa pang butones ng blouse. Habang kinukumbinsi niya ang sarili na walang mangyayari sa kanya ay hindi niya maiwaglit ang pag-aalala. Minsan pa, naitanong niya ang sarili kung bakit sa dinami-rami ng tao ay si Duke pa ang nakasama niya roon. Tila ito pa tuloy ang dahilan kung bakit lalo siyang hindi makapag-concentrate.

“I’ll see kung may signal ang phone dito. Baka sakaling lagyan nila ng power ang elevators kapag nalaman nilang may na-stuck dito,” anang lalaki

saka pinailaw ang hawak na cellphone habang nasa aktong kinakalas ni Aina sa ikatlong butones ng blouse.

Ikinagulat niyang lalo ang pagkakaroon ng maliit na liwanag. Kasabay rin ng pagkagulat ng binata. Bumulaga kasi sa paningin nito ang itim na laced undergarment na suot niya. Dali-dali niyang pinagsalikop muli ang blouse.

“W-what are you doing?” tanong nito.

Naghahabol ng hininga ang dalaga nang sumagot, “H-hindi ako... makahinga. Gusto ko nang makalabas dito. Ayoko dito.” At tinungo niya ang pinto ng elevator.

“Ano ba’ng nangyayari sa iyo?”

Napaupo si Aina sa lapag matapos hampasin nang ilang ulit ang pinto. “Claustrophobic ako,” nanginginig na pag-amin niya. “Matagal... na akong hindi nagkakaganito kahit makulong ako sa madilim at masikip na lugar. Ngayon na lang ulit.”

“Pero... posible bang sumpungin ka kahit may kasama ka naman?”

Sunod-sunod na malalalim na paghinga ang hinugot niya. Paano niya ipapaliwanag dito na ito mismo ang nagti-trigger ng panic attack niya?

Lumuhod si Duke sa harap niya. “Ganito, huwag

kang matakot. Kasama mo ako, hindi ba? You have nothing to fear.”

Tumukod siya sa lapag. Obvious na patuloy sa pagsikip ang hininga niya. Hinawakan siya ng lalaki sa balikat. Inalis nito ang kamay niyang nakatutop sa dibdib. “Kung ikagagaan ng paghinga mo, sige, take off your blouse.”

Nang hindi siya kumilos ay ang binata ang gumawa ng sinabi. Kinalas nito ang isa pang butones ng suot niya.

“Ano’ng... ginagawa mo?” Tila lalong lumala ang pakiramdam niya ngayong na-expose na sa paningin ni Duke ang upper body niya.

“I’m trying to help you,” sabi nito.

“Ang kailangan ko... mabuksan ang... pintuan na ’yan. Ang kailangan ko... liwanag... hangin...”

“Here.” Pinailaw ni Duke ang flashlight ng cellphone nito. “May liwanag na. Hangin... oh, God, saan tayo kukuha ng hangin dito?”

Sa patuloy na panginginig ng dalaga at paghahabol ng hininga ay nakaisip ng paraan si Duke kung saan kukuha ng hangin. Pinangko nito ang upper body niya saka itinaas ang mukha niya.

Sa simula ay hindi alam ni Aina kung ano ang balak nitong gawin. Pero habang inilalapit nito ang

sarili ay parang nahulaan na niya iyon. Bago pa siya nakatutol ay lumapat na ang bibig nito sa bibig niya.

He was giving her air, ramdam niya iyon sa tila pagbuga nito sa loob ng bibig niya. At sa di mawaring dahilan, para ngang nakahinga siya. Pati ang hawak nito sa katawan niya ay parang assurance na wala ngang masamang mangyayari sa kanya. Parang nakakawala ng lahat ng takot at nerbyos na nararamdaman niya.

Umangat ang mukha ni Duke, pinahid nito ang nagbubutil-butit na pawis sa noo at pisngi niya. “You’ll be all right,” usal nito. Saka muling inilapat ang bibig sa bibig niya.

Dahil tila bahagya nang naginhawahan ay nahimasmasan na rin ang isip ng dalaga. Nagawa niyang itikom ang bibig. Sa pag-aakalang reflex lang niya iyon ay gumawa ng paraan si Duke para muli niyang ibuka iyon. Using his tongue, he tried to separate her lips to open her mouth. And he succeeded.

Hindi na-ignore ni Aina ang naramdamang init ng dila ni Duke na naggumiit sa pagitan ng mga labi niya. Saka niya naisip na parang ang nangyayari ay hindi na simpleng mouth to mouth resuscitation lang. It was clearly a kiss. He was kissing her.

Sinaway niya nang kusa ang sarili. Puwede ba siyang halikan ng isang binabae?

Hindi nalingid sa kanya ang paghapit ni Duke sa katawan niya padikit sa katawan nito. Hindi lang siya sigurado pero para ngang naramdaman ni Aina ang tibok ng puso nito. O baka hindi. Hindi galing kay Duke ang malakas na kabog na naririnig niya. Galing iyon sa dibdib niya.

May bigla siyang naalala.

“Baka kapag nahalikan ka niya, bumigay ka rin. Titingnan natin kung ano’ng magiging reaction niya kung sakali. Kung bubukol ba’ng harap ng pantalon niya kung makikita ka niyang nakahubad sa harap niya o, ano? Challenge accepted ba?”

She moved her hand. Nanghihina man ay gumawi iyon sa tagiliran ng baywang ng lalaki, sa gawing belt ng pantalon nito. Hanggang sa gumapang iyon papunta sa harap nito... pababa.

Doon biglang lumiwanag ang paligid. Kasunod na kasunod niyon ay ang pagbukas ng pinto ng elevator nang hindi pa nakukuhang maghiwalay ng dalawa at ayusin ang mga sarili. Gayun na lang ang gulat ng mga taong nag-aabang sa labas nang mabungaran ang tagpo sa loob niyon.



Gustong itakip ni Aina ang oxygen mask sa buo niyang mukha para hindi iyon makita ni Duke. Hindi niya alam kung paano titingin dito pagkatapos ng nangyari. Kung hindi lang bumukas ang pinto ng elevator ay baka nahipuan na niya ito. Bakit kasi naisipan niyang alamin kung pamumukulan nga ba ito ng harap gaya ng sinabi ni Charlotte? Inalala niya kung naramdaman nito ang paggapang ng kamay niya papunta sa katibayan ng pagiging lalaki nito. Ano na lang kaya ngayon ang iniisip nito sa kanya?

“How do you feel?” tanong ng lalaki na nakatayo sa tabi ng kamang kinahihigaan niya. Ito ang nagdala sa kanya sa emergency room ng pinakamalapit na hospital.

Inalis niya ang oxygen mask saka nagtangkang maupo. “Uuwi na ’ko. Hindi mo na kasi ako dapat dinala dito.”

“I don’t know what to do in that situation, so, I guess ito ang pinakatamang gawin. Besides, mukhang hindi ka pa okay.”

Nandito ka pa kasi. Umalis ka na kaya para makahinga na ’ko nang maayos, gusto niyang sabihin. “Sino’ng magiging okay kung alam mong... nakita ka ng maraming tao na...?”

“Hindi mo dapat inaalala ’yon. Kung may

magtatanong sa opisina about that, I'll tell them the truth. Nakita naman nila ang lagay mo n'ung binuhat kita para dalhin sa hospital."

"Sasabihin mo sa lahat na claustrophobic ako?"

Bahagya itong nagbuntong-hininga. Maselan ang pagkakaroon ng ganoong kondisyon ng isang tao, alam nito iyon. At isa iyong bagay na hindi ipinagmamalaki o ipinagkakalat.

"Siguro mayroong tao na ayaw mong makaalam ng nakita sa atin ng mga tao sa building na iyon kaya may nakahanda ka nang paliwanag," aniya muli.

"If you're talking about Charlotte, I'm sure she knows about your condition, right? Kaya maiintindihan niya'ng ginawa ko. Anyway, tinawagan ko na siya. Siya lang kasi ang kilala kong malapit sa iyo."

Hindi ang kinakapatid niya kundi si Jayce ang iniisip ni Aina na ayaw ni Duke na makaalam sa nangyari sa elevator. Sa dami ng nakakita sa kanila ay nag-aalala itong kumalat iyon, mag-viral halimbawa at makarating sa kaalaman ng inaalagaang binatilyo.

"Bakit mo ba kasi ginawa iyon?" hindi nakatiis na tanong niya. "Kahit sino'ng nakakita, hindi iisipin na CPR ang ginawa mo."

"So, ano'ng tawag sa ginawa ko?"

Napatitig siya sa lalaki. Siya lang ba ang nag-assume na halik at hindi resuscitation iyong namagitan sa kanila? Hindi ba nito napansin ang hindi napigilang pagnamnam niya sa mga labi nito at ang pagkilos ng kamay niya sa harap ng waistline nito?

“My God, Aina, what happened to you?”

Ang pagdating na iyon ni Charlotte ang tumapos sa mga tanong niya na hindi naman niya mai-voice out sa harap ng lalaki.